

Panukalang kurikulum sa Filipino sa senior high school

Punsalan, Marvin C. ✉

City College of Angeles, Philippines (marvincpunsalan@gmail.com)

Mariano, Leri Mae P.

Holy Family Academy, Philippines (mariano.lmp@pnu.edu.ph)

Rosilla, Michael Bryan

Mabalacat City College, Philippines (michael.rosilla17@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 1 September 2020

Revised: 1 October 2020

Accepted: 25 October 2020

Available Online: 2 December 2020

DOI: 10.5861/ijrse.2020.5922

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtaka upang bigyang pansin ang mas mataas na antas ng pag-aaral ng wika at panitikang Filipino sa senior high school sa Pilipinas. Sa kabila ng pagkakaroon ng mga asignaturang Filipino sa senior high school mula sa kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, nagpapanukala ang mga mananaliksik ng mga bagong asignaturang mas lapit sa danas ng lipunan at nakasandig sa global at lokal na konteksto. Gayundin, ang pagtalakay sa lokal na panitikan ay naglalayong gawing matatag ang kultural na ugat ng mga mag-aaral. Apat na asignatura ang ipinapanukala, 1) Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon, 2) Pagsasaling-wika sa Iba't ibang Larangan, 3) Pagpapahalaga sa Rehiyunal at Pambansang Panitikan, at 4) Malikhaing Pagsulat sa Kulturang Pilipino. Ang mga panukalang asignaturang ito ay nagnanais na malinang ang analitiko, kritikal, kolaboratibo, komunikatibo, malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Keywords: kurikulum sa Filipino; senior high school; panitikan; wika; globalisasyon

Panukalang kurikulum sa Filipino sa senior high school

1. Panimula

Isa sa mga layunin sa pagtuturo ng wika ay ang paghubog sa literasi ng mga mag-aaral. Sa batayang antas ng edukasyon, nakapokus ang pagtuturo sa paglinang sa kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood na kilala sa tawag na limang makrong kasanayan. Sa pagtaas ng antas ng pag-aaral ay tumataas din ang mga kasanayang nilalayong malinang sa mga mag-aaral.

Ayon sa kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, itinuturo ang Filipino bilang asignatura mula baiting isa (1) hanggang baitang sampu (10) upang malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo at mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pamanitikan ng mga mag-aaral. Samu't sari ang mga paksang kinapapalooban nito at mga gawaing patungo sa pagtamo sa mga layuning nabanggit.

Sa pagsusuring isinagawa, nabuo ang kongklusyon na walang *continuity* ang mga konsepto, kasanayan mula sa *junior high school* patungong *senior high school*. Ito ay nakikitang suliranin dahil maaaring magkulang sa lalim (*depth*) ang pagpapahalaga at paglinang sa mga konsepto at kasanayan ang mga mag-aaral. Dahil dito, ipinapanukala na bigyang pagpapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa gitna ng kasalukuyang lagay ng mundo at globalisasyon. Gayundin, upang bigyang diin ang kalahagahan ng panitikan sa pambansang pagkakaunawaan, nilalaman din ng kurikulum na ito ang muling pagtuturo ng panitikang rehiyonal at pambansa sa mas mataas na antas ng pagsusuri at pananaw.

Ang lahat ng ito ay nakasandig sa pangkalahatang layunin ng pagpapatupad ng K-12 na programa sa bansa partikular sa pagdaragdag ng *senior high school* o dalawa pang taon para sa batayang antas ng edukasyon. Nilalayan nito na maihanda ang bawat mag-aaral sa kahingian ng mundo. Dapat matamo ng bawat mag-aaral ang kaalaman, kasanayan at pagpapahalagang magagamit nila hindi lamang sa loob ng bansa ngunit maging sa iba pang panig ng mundo.

Dahil ang *senior high school* ang dulo ng batayang antas ng edukasyon sa Pilipinas, nararapat na magkaroon ang bawat mag-aaral ng kinakailangan kaalaman, kasanayan at pagpapahalagang magagamit sa anumang landas na kanilang tatahakin, maging ito man ay trabaho o lalong mataas na edukasyon.

Ang pinakabagong pagbabago sa sistema ng edukasyon ng Pilipinas ay ang pagpapatupad ng *Enhanced Basic Education Act of 2013*. Ilan sa mga nilalaman nito ay ang pagtuturo sa una hanggang ikatlong baitang batay sa *Mother-Tongue Based Multilingual Education (MTBMLE)*, pagsang-ayon ng kurikulum sa *spiral progression approach*, pagdaragdag ng dalawang taon sa *senior high school*, at pagpapalit ng nilalaman ng ilang asignatura. Sa ilang taon makalipas ang implementasyon nito, maramig pag-aaral ang naisagawa. Marami ang nagsasabing maganda ang nagiging resulta nito. Ngunit, marami rin ang napatunayang kakulangan ng kurikulum.

Mula pa noong 1940 sa panahon ni dating Pangulo Manuel L. Quezon ay itinuturo na sa pampubliko at pribadng paaralan ang wika batay sa Pangkautusang Ehekutibo bilang 263. Ito ay kinilala noong wikang Tagalog, ang pambansang wika ng Pilipinas. Ayon sa mga eksperto noong panahon iyon, napadali ng pagtuturo gamit ang wikang Tagalog dahil mas madali itong maunawaan ng mga Filipino (Espiritu, n. d.).

Ayon naman sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 7, wikang Filipino ang opisyal na wika ng Pilipinas at gagamitin ito sa komunikasyon at pagtuturo. Ito ay patibay na may mahalagang gampanin ang wikang Filipino sa ating lipunan. Ito rin ang nasisilbing matibay na sandigan ng pagtuturo ng Filipino sa iba; ibang antas ng edukasyon. Gayundin, ang paglinang sa kasanayang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral ay kinakalingan upang maisakatuparan ang probisyong ito ng batas.

Ang mga probisyong ito ng batas sa bansa ang batayan sa pagpili ng mga asignaturang ipinanukalang ipatutupad sa *senior high school*. Ang mga ito para sa mas epektibo at episyenteng pagtuturo at pagkatututo, at pagpapanitiling mahalaga at buhay ng wika at kulturang Pilipino.

Sa aspeto naman ng pagsasalang-wika, binanggit ni Batnag (n. d.), ang pagsasalin ay naging paraan na upang maipahayag ang pagiging makabayan at liberal ng mga Pilipino. Nagsimula bilang gawaing panrelihyon, nagpabago ang pananaw ng mga Pilipino ukol sa pagsasalin. Sa panahon nga ng mga Amerikano, pinasok nan g pagsasalin sa bansa ang domeyn ng edukasyon. Isinasalin na rito ang iba't ibang kagamitang pampagtuturo. Gayundin, ang layunin ng pagsasalang-wika bilang asignatura ay ang maisalin sa wikang Filipino ang iba;t ibang teksto ay materyales mula sa ibang wika upang mas madaling maunawaan ng mga Pilipino.

Sa artikulong inilathala ng The Varsitarian ng Unibersidad ng Sto. Tomas, inilahad na hindi raw sapat ang mga kasanayang itinuturo sa *senior high school* (Ocampo, 2016). Ipinaliwanag na kinakailangan pa ang maraming pananaliksik upang maitaguyod ang pagiging intelektwalisado ng wikang Filipino. Samakatuwid, kailangan nga ang maraming gawain sa pagsulat.

Isa pa sa mga pinagbatayang pag-aaral sa pagpapanukala sa asignaturang Filipino ay ang konsepto ni Cummins (1984) ukol sa Cognitive-Academic Language Proficiency (CALP). Ito ay nagpapaliwanag sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas partikular sa mga kognitibo at akademikong gawain. Dito nakapokus ang mga asignaturang ipinanukala sa papel na ito. Nilalayan nitong magamit ang wikang Filipino sa akademikong larangan na nangangailangan ng mga kasanayang kognitibo.




Figure 1. Balangkas Konseptwal

Ipinapakita ng balangkas konseptwal na ito ang batayang pilosopiya ng mga asignatura at layunin ng mga ito. Gayundin, makikita sa gitna ang mag-aaral na kalalabasan ng kurikulum na ito. Nakaangkla sa pilosopiyang pragmatism ang mga asignaturang Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon at Pagsasalang-wika sa Iba't ibang Larangan sapagkat nakikita na ito ang mga konsepto at kasanayang kinakailangan ng mga mag-aaral sa kanilang tatahakin propesyon o larangan sa hinaharap. Existentialism at perennialism naman ang pilosopiyang kinasasandigan ng mga asignaturang Malikhaing Pagsulat sa Kulturang Pilipino at Pagpapahalaga sa Rehiyonal at Pambansang Panitikan. Dito binibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na pahalagahan ang yaman ng bayan at bansang kanilang kinabibilangan at makapagpahayag sa paraang malikhain. Ang mga asignaturang ito ang magbibigay ng mga kinakailangan kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga sa mga mag-aaral makapag-isip sa aspetong global o pandaigdigang at kumilos sa paraan at may pagpapahalagang lokal.

Nilalayan ng panukalang kurikulum sa Filipino para sa senior high school na ito ang mga sumusunod:

- magkaroon ng malinaw na kosepto ng wikang Filipino;
- makabasa ng mga artikulo at iba pang sulatin ukol sa gampanin ng wikang Filipino sa kasaysayan at kasalukuyang panahon;
- makasulat gamit ang wikang Filipino ukol sa iba't ibang isyung panlipunan;
- makapagsalin ng iba't ibang teksto sa iba't ibang larangan;
- makilala, masuri at mapahalagahan ang iba't ibang rehiyonal at pambansang panitikan;
- makapagsulat ng iba't ibang akdang pampanitikan
- magkaroon ng mag-aaral na may mataas na pagpapahalaga sa wika at panitikang Filipino.

2. Metodolohiya

Ang papel na ito ay gumamit ng mga literatura upang mabuo ang mga panukalang asignatura sa Filipino sa SHS. Nakasandig ang nilalaman nito sa mga literature ukol sa pagdevelop at pagdisenyo ng kurikulum, kasalukuyan laman ng kurikulum na hinango sa Kagawaran ng Edukasyon. Nakabatay rin ang isinagawang pananaliksik sa kasalukuyang lagay at implementasyon ng Filipino sa antas *Senior High School*.

3. Resulta

Narito ang mga panukalang asignaturang sa Filipino para sa *senior high school* sa iba't ibang *track* at *strand* bilang *core*:

3.1 Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon (Grade 11 – Unang Semestre)

Bibigyan ang mga mag-aaral sa asignaturang ito ng pag-unawa sa kasaysayan ng wikang Filipino at sa gampanin nito sa lipunan, sa bansa, at sa buong mundo. Ito rin ay lilinang sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat sa konteksto ng globalisasyon. Pokus nito ang pagbasa at pagsulat dahil sa mataas na uri ng mga kasanayang nililalang dito.

3.2 Pagsasalang-wika sa Iba't ibang Larangan (Grade 11 – Ikalawang Semestre)

Sa isang bansang multilinggwal at bukas sa daigdig, iba't ibang tao ang nakakasalamuha, iba't ibang wika ang ginagamit. Dahil dito, kinakailangan ng mga mag-aaral ang batayang kaalaman at kasanayan sa pagsasalin lalo sa iba't ibang sulatin at iba't ibang larangan.

3.3 Pagpapahalaga sa Rehiyonal at Pambansang Panitikan (Grade 12 – Unang Semestre)

Ang Pilipinas ay multikultural na bansa. Ito ay binubuo ng iba't ibang pangkat etniko na bumubuo sa pambansang pagkakakilanlan. Ang wika ay kabuhol ng kultura. Ang kultura ang nagbibigay ng kaluluwa sa isang lipunan o komunidad. Ito ang sumisimbolo sa kanilang kalinangan. Bukod sa pagkakaroon ng kaalam sa lokal na panitikan bilang bahagi ng kultura, naaayon din maikintal sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa mga ito. Layunin ng asignaturang ito manatiling buhay sa mga mag-aaral ang iba't ibang likhang pampanitikan ng Pilipinas.

3.4 Malikhaing Pagsulat sa Kulturang Pilipino (Grade 12 – Ikalawang Semestre)

Kasabay ng paglinang ng kritikal o mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral ay ang malikhain pag-iisip nila. Sa paglalayong manatiling buhay at mayaman ang kultura at panitikang Pilipino, bibigyang pagkakataon ang

mga mag-aaral sa asignaturang ito na magpahayag sa malikhaing paraan ukol sa kulturang Pilipino. Nakapokus ang ito sa malikhaing pagsulat ng mga akdang piksyon at di-piksyon.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – CORE SUBJECT**

Titulo ng Kurso: Wikang Filipino sa Panahon ng Globalisasyon.

Diskripsyon ng Kurso: Pagkilala sa konteksto ng wika na lilingang sa kasanayang pagbasa at pagsulat tungo sa pagiging mapanuri at kawastuhang aspekto nito na maaaring magamit sa pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Pamatayang Pagnilalaman: Nauunawaan ang mga konseptong may kinalaman sa proseso, kasaysayan, at kasulukuyang sitwasyon ng wikang Filipino.

Pamantayan sa Pagganap: Nakabubuo ng mga sulatin na maiuugnay ang mga natutuhan sa kapakinabangan ng edukasyon, lipunan at bansang kinabibilangan sa pagtataguyod ng istandardisado at intelektwalisadong wika.

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo.

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Wika Kalikasan, kahulugan, katangian, at layunin Wika bilang instrumento ng komunikasyon Makrong Kasanayan sa Pagbasa Makrong Kasanayan sa Pagsulat	Nauunawaan ang kaligirang pangkasaysayan ng wika, proseso at ang gampanin nito sa kasulukuyang panahon	Nabibigyang-halaga ang mga sitwasyong panlipunan na may kaugnayan sa wika sa pamamagitan ng pagsusuri at paggawa ng mga sulating may kinalaman sa sariling komunidad	Naipaliliwanag ang mga konsepto, katangian at layunin ng wika tungo sa mabisang komunikasyon Naiisa-isa ang mga teorya, estratehiya at proseso ng pagbasa at pagsulat
Kaligirang Pangkasaysayan ng Wikang Pambansa Katutubong Panahon Panahon ng mga Kastila Panahon ng mga Amerikano Panahon ng mga Hapones Panahon ng Rebolusyunaryo			Nakasusunod sa mga estilo ng pagbasa at pagsulat Nalalaman ang mga makabuluhang kaganapan sa bawat panahon at pag-usbong ng wikang Filipino
Sitwasyon ng Wikang Filipino sa Modernong Panahon Pambansa Global na Ugnayan			Naiuugnay ang sitwasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang bansa Nakasusulat ng sanaysay na may kinalamang ang bawat panahon sa pag-usbong ng wikang pambansa Nakagagawa ng mga hakbang sa pagpapairal ng wikang Filipino sa mas mataas na diskuro na maaaring sa pamamagitan ng talumpati, presentasyon o pagsasaliksik sa iba't ibang isyung lokal at nasyonal
Pinal na Awtput		Pagbasa ng mga pananaliksik, artikulo, pahayagan at pagbuo ng pamanahong papel na may kaugnayan sa Wikang Filipino sa: Edukasyon Komunidad Isyung Panlipunan sa loob at labas ng bansa	Nakagagawa ng pamanahong papel ukol sa wikang Filipino na maaaring may kaugnayan sa sitwasyon ng edukasyon, komunidad o mga isyu sa loob at labas ng bansa

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – CORE SUBJECT**

Titulo ng Kurso: Pagsasalang-wika sa Iba't Ibang Larangan.

Diskripsyon ng Kurso: Pagtukoy sa mga konseptong may kinalaman sa kurso na lilingang sa kasanayan sa pagsasalangin at magamit sa mas mataas na diskurso.

Pamatayang Pangnilalaman: Nauunawaan ang kaligiran, layunin at kabuluhan ng pagsasalin sa sariling disiplina tungo sa pagpapaunlad ng kaisipan sa mas mapanuri at mabisang pamamaraan.

Pamantayan sa Pagganap: Nakagagawa ng mga saling-teksto na may kinalaman sa napiling larang tungo sa patuloy na pag-intelektwalisa sa wikang Filipino.

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo.

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Pagsasaling-wika Konsepto, kahulugan at kabuluhan Teorya at Teorista ng Pagsasalin Mga simulain sa pagsasalin Patnubay at gampanin sa kasalukuyang panahon Mga Etika sa Pagsasaling-wika Pagsasalin sa Iba't ibang Larang Propesyon Literatura Midya	Nalalaman ang kabuluhan ng mga konsepto ukol sa pagsasaling-wika at mga dapat isaalang-alang sa pagsasagawa nito	Nagagamit ang mga simulain sa pagsasaling wika sa pamamagitan ng: Pagsusuri sa mga saling-artikulo, aklat at pahayagan Dubbing sa telebisyon, radyo o iba pang midya Makapagsalin ng maikling teksto	Nauunawaan ang mga konseptong may kinalaman sa pagsasalin Nalalaman ang katuturan ng pagsasalin sa pang-araw-araw na pamumuhay Natutukoy at naihahambing ang paraan ng pagsasalin sa iba't ibang larangan Nakapagsusuri ng mga panoorin mula sa ibang bansa at nakapagsasagawa ng pagsasalin ukol sa kontekstong Pilipino
Pinal na Awtput		Paglalahala ng mga sariling saling artikulo o iba't ibang sulatin	Nailalathala ang alinman sa mga saling artikulo o iba't ibang sulatin sa pagtataguyod ng istandardisado at intelektwalisadong wika

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM SENIOR HIGH SCHOOL – CORE SUBJECT

Titulo ng Kurso: Pagpapahalaga sa Rehiyunal at Pambansang Panitikan.

Deskripsyon ng Kurso: Pag-aaral at kritikal na pagsusuri sa lokal na panitikan ng sariling rehiyon at mabisang pag-unawa sa iba't ibang panitikan ng Pilipinas na sumasaklaw sa iba't ibang elemento, estruktura, konteksto, at tradisyon.

Pamantayang Pangnilalaman: Nasusuri ang iba't ibang lokal na panitikan ng sariling rehiyon maging ang panitikan ng Pilipinas ayon sa kaugnayan nito sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig.

Pamantayan sa Pagganap: Nakasusulat ng isang komprehensibong panunuring pampanitikan hinggil sa lokal na panitikan ng rehiyon at naibabahagi ito sa iba sa tulong ng modernong teknolohiya.

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/apat na araw sa loob ng isang linggo.

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Batayang Konseptuwal Kahulugan ng Panitikan Mga Uri ng Panitikan Piksyon Di-Piksyon Mga Anyo ng Panitikan Tuluyan Alamat Anekdotang Nobela Pabula Parabula Maikling Kwento Dula Sanaysay Talambuhay Talumpati Kuwentong-Bayan Balita Patula Tulang Liriko	Nasusuri ang iba't ibang lokal na panitikan ng sariling rehiyon maging ang panitikan ng Pilipinas ayon sa kaugnayan nito sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig.	Nauunawaan ang mga konsepto at katangian upang mailapat ang natutuhan sa panunuri ng mga panitikan.	Natutukoy ang kahulugan at kabuluhan ng panitikan Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang uri ng panitikan base sa mga halimbawa. Nagagamit ang kaalaman sa modernong teknolohiya (facebook, google, at iba pa) sa pag-unawa sa mga konseptong pampanitikan Naipaliliwanag nang pasalita ang iba't ibang anyo ng panitikan Nakapagbibigay ng iba't ibang halimbawa ng mga panitikang popular sa kasalukuyan Nakapagbibigay ng pananaw

Panukalang kurikulum sa Filipino sa senior high school

Dalit Soneto Elehiya Oda Awit Tulang Pasalaysay Epiko Awit at Korido Balad Tulang Patnigan Karagatan Duplo Ensileda Balagtasan Tulang Pantanghalan Melodrama Komedyang Saynete Parsa Trahedyang Kahulugan ng Panitikan Popular Mga Popular na Babasahin Mga E-Books Fliptop Spoken Word Poetry Mga Pelikula Mga Telenovela Mga Variety Show		hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng panitikan sa rehiyon at sa bansa. Naipaliliwanag ang pagkakatulad at pagkakaiba ng panitikan noon at sa kasalukuyan Naiuugnay ang mga konsepto sa mga panitikan sa kasalukuyang panahon
Panunuring Pampanitikan Mga Teoryang Pampanitikan Teoryang Klasisismo Teoryang Humanismo Teoryang Imahismo Teoryang Realismo Teoryang Feminismo Teoryang Arkitaypal Teoryang Formalistiko Teoryang Sikolohikal Teoryang Eksistensyalismo Teoryang Romantisismo Teoryang Marxismo Teoryang Sosyolohikal Teoryang Moralistiko Teoryang Bayograpikal Teoryang Queer Teoryang Historikal Teoryang Kultural Teoryang Feminismo-Marxismo s.Teoryang Dekonstraksyon	Nauunawaan ang mga nilalaman, konsepto at katangian ng mga teorya at nailalapat ang natutuhan sa panunuri ng mga rehiyunal at pambansang panitikan.	Naibibigay ang kahulugan ng mga teoryang pampanitikan. Komprehensibong natatalakay ang katuturan ng mga teoryang pampanitikan
Rehiyunal na Panitikan Piksiyon at 'Di Piksiyon na Panitikan ng Rehiyon (Pagtalakay at pagsusuri sa lokal na panitikan ng rehiyon) Mga Anyo ng Panitikan Tuluyan (Pagtalakay at pagsusuri sa lokal na panitikang may anyong tuluyan ng rehiyon) Patula Tulang Liriko Tulang Pasalaysay Tulang Patnigan Tulang Pantanghalan (Pagtalakay at pagsusuri sa lokal na panitikang may anyong patula ng rehiyon) Panitikang Popular (Pagtalakay at pagsusuri sa lokal na panitikang may anyong	Naiuugnay ang mga lokal na panitikan sa kultura ng rehiyon	Komprehensibong natatalakay ang iba't ibang lokal na panitikan ng rehiyon Nasusuri ang mga lokal na panitikan. Naiuugnay ang kahalagahan ng lokal na panitikan sa kulturang mayroon ang rehiyon. Natutukoy ang pinag-ugatan ng mga panitikang popular ng rehiyon. Natatalakay ang talambuhay at napahahalagahan ang mga obra ng mga lokal na manunulat sa rehiyon Naibabahagi ang lokal na panitikan ng rehiyon sa pamamagitan ng modernong teknolohiya.

patula ng rehiyon)

4. Pagkilala sa mga lokal na manunulat sa rehiyon

Pambansang Panitikan

Napahahagahan ang panitikan ng bansa sa pamamagitan ng pagbasa at pagsusuri.

Komprehensibong natatalakay ang iba't ibang panitikan ng bansa.

Mga Anyo ng Panitikan

Anyong Tuluyan
Sanaysay (*Mga Mungkahing Babasahin*)
Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan ni Zeus A. Salazar

Napahahalagahan ang panitikan ng bansa sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga teksto.

Naibabahagi ang panitikan ng bansa sa pamamagitan ng modernong teknolohiya.

b. Ang Musika ay Pag-aari ng Lahat..., Hindi Lamang ng Matataas...'
Pakikipanayam kay Edru Abraham ni Ruben D. Canlas Jr.

c. Alisin `Ka Mo Ang Dyipni? Teka Muna...
ni Velario L. Nofuente

d. Aanhin pa ang Kritika Kung Patay na ang Pelikula ni Clodualdo del Mundo, Jr.

e. Ang Bersyon sa Filipino ng Bagong Konstitusyon ng 1987: Isang Institusyunal na Lapit sa Pagsasalin ni Lydia P. Lalunio

f. Mga Katutubong Pamamaraan ng Interpersonal na Komunikasyon ni Melba Padilla Maggay

g. Ang Kulturang Popular at Ang Makabayan ni Rolando B. Tolentino

h. Kompyuter, Wika, at Filipino ni Roberto Añonuevo

Pagbasa at Pagsusuri ng Panitikang Popular
Mga Popular na Babasahin
Mga E-Books
Fliptop
Spoken Word Poetry
Mga Pelikula
Mga Telenovela
g. Mga Variety Show

Pinal na Awtput

Nakasulat ng isang komprehensibong panunuring pampanitikan hinggil sa lokal na panitikan ng rehiyon at naibabahagi ito sa iba sa tulong ng modernong teknolohiya.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – CORE SUBJECT**

Titulo ng Kurso: Malikhainag Pagsulat sa Kulturang Pilipino.

Deskripsyon ng Kurso: Paglinang ng praktikal at malikhainag kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga batayang kaalaman sa pagsulat ng piksyon, patula at pantanghalan.

Pamantayang Pangnilalaman: Natatalakay ang batayang konseptuwal sa malikhaing pagsulat at ang mga pamamaraan sa pagsulat ng isang epektibong sulating napatutungkol sa kulturang Pilipino.

Pamantayan sa Pagganap: Nakasulat ng isang malikhaing sulatin na nakaangkla sa kulturang Pilipino at naibabahagi ito sa iba sa tulong ng modernong teknolohiya.

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/apat na araw sa loob ng isang linggo.

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Malikhaing Pagsulat Malikhaing Pagsulat vs. Teknikal na Pagsulat at iba pang anyo ng pagsulat Lengguwahe/Wika Pagbuo ng imahe Mga Tayutay Diksiyon	Natatalakay ang batayang konseptuwal sa malikhaing pagsulat at ang mga pamamaraan sa pagsulat ng isang epektibong sulating napatutungkol sa kulturang Pilipino	Nakasulat ng mga maikling sulatin na ginamitan ng mga imahe, tayutay at diksyon batay sa sariling karanasan na may kaugnayan sa kulturang Pilipino	Natutukoy ang pagkakaiba ng malikhaing pagsulat sa iba pang anyo ng pagsulat Nakabubuo ng mga sulating may malikhaing ideya batay sa karanasan Nagagamit ang wikang Filipino upang mahimok ang emosyonal at intelektuwal na pagtugon ng mga mambabasa.
Pagbasa at Pagsulat ng Tula a.Mga Elemento at Sangkap ng Tula i.Tema ii.Tono b.Mga Elemento at Tiyak na Anyo i.Kumbensyunal na tula ii.Rima, Tugma at Sukat iii.Metapora c.Malayang Taludturan d.Pagsulat ng Panitikang Popular i.Spoken Word Poetry ii.Mga Banat iii.Pick-Up Lines iv .Fliptop		Nakasulat ng masining na tula na nakaugnay sa panitikang popular na kakikitaan ng tiyak na mga elemento.	Natutukoy ang iba't ibang elemento ng tula. Nakapagsusuri ng mga panitikang popular sa kasalukuyan Nakasulat ng masining na tula na kakikitaan ng tiyak na mga element
Pagbasa at Pagsulat ng Maikling Kwento Mga Elemento At Sangkap Ng Maikling Kwento Tauhan Punto De Bista Unang Panauhan Pangalawang Panauhan Pangatlong Panauhan Banghay Linyar Modyular/Episodik Mga Tradisyunal na Bahagi		Nakasulat ng isang maikling kwento na kakikitaan ng iba't ibang elementong natalakay na may kaugnayan sa kulturang Pilipino.	Natutukoy ang iba't ibang elemento at teknik sa pagsulat ng maikling kwento Nakasulat ng mga journal entries na kakikitaan ng iba't ibang mga elemento. Nakasulat ng maikling kwentong napatutungkol sa kulturang Pilipino Nailalathala sa watsapp/blogs ang isinulat na kwento
Tagpuan at Kaligiran Panahon at Lugar Kultura, Sosyolohikal, Pulitikal atbp. Sensibilidad na Tumutungo sa Iba't Ibang Moda Tunggalian Tema Aral Dramatic Premise Pag-unawa sa Tunay na Kalikasan ng Sitwasyon Mga Teknik at Kagamitang Pampanitikan Panagano (Mood) / Tono Pahiwatig na Magaganap Simbolismo			

Pagsulat ng Panitikang Popular

i. Wattpad

ii. E-books

Pinal na Awtpat

Nakasulat ng isang malikhaing sulatin na nakaangkla sa kulturang Pilipino at naibabahagi ito sa iba sa tulong ng modernong teknolohiya.

4. Pagtalakay

Ang edukasyon sa ika-21 siglo ang umiinog sa konsepto ng globalisasyon. Gayunpaman, hindi dapat kalimutan ang lokal at kultural na ugat ng mga mag-aaral. Maisasakutuparan ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika at panitikan. Ang wika ay salamin ng kultura. Ang panitikan ay malikhaing pamamaraan upang maipasyag ang tradisyon, paniniwala, gawi, at kultura sa kabuuan ng isang komunidad. Sa paglinang ng mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa iba't ibang lente ng kasalukuyang panahon at lipunan, nilalayong matamo ng mga mag-aaral ang kaisipang global at maimulat sila sa tunay na kalagayan ng mundo nang hindi nagpag-iiwanan ang paggamit ng wikang pambansa na ang malaking papel ay bilang isang wikang intelektwalisado.

Ang panitikan ay siyang magpapatibay ng pagpapanatili ng mga kaalamang-bayan, pagpapahalaga sa sariling identidad bilang bahagi ng isang kultural na komunidad, at pagkakaroon ng dibersidad sa lipunan. Sa halip na magkawatak-watak at magkaroon ng dibisyon ang bawat etnolinggwistiskong pangkat sa bansa, ang pagtuturo ng lokal na panitikan ay ambag sa lalong pagpapayaman ng pambansang identidad at kaalaman.

Ang mga panukalang asignaturang ito ay nagnanais na malinang ang analitiko, kritikal, kolaboratibo, komunikatibo, malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

5. Kongklusyon

Sa pagsasagawa ng kurikulum, mahalagang isaalang-alang ang mga layunin na nais matamo sa kabuuan ng pag-aaral. Mga mag-aaral na pangunahing salik sa pagbuo ng kurikulum at higit sa lahat, kinakailangang bigyang-diin ang hinihingi sa kasalukuyang panahon na nakaangkla sa pangangailangan ng mga mag-aaral na kung saan ay hindi lamang nakabatay sa dikta ng nasa taas o kagustuhan ng mga ito.

Ipinipakita sa binuong kurikulum na hindi lamang nakatuon sa kung paano ang pagkatuto ng wika o pag-alam sa mga kasanayang maaaring mahubog ng mag-aaral sa pag-unawa sa mga paksang inilahad bagkus, tiningnan din ng mga bumuo nito na mahalagang iugnay sa kabuuang aspekto na mag-aaral upang mapaghusay at malinang ang mga kasanayan.

Tinalakay sa nasabing kurikulum, ang mga konsepto ukol sa wika kung paano ang pagkakabuo, pag-usbong ng wikang pambansa at kaligirang pangkasaysayan nito. Gayundin, ang pagsasaling-wika, sapagkat ang kaisipang namutawi sa mga bumuo ng kurikulum na mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral ang konteksto nito upang magamit sa napiling larang o disiplina. Maliban pa rito ay tinalakay din ang mga panitikang panrehiyon at pambansa na kung titingnan, idinagdag ito upang mas lalo pang mapahalagahan ang panitikang kinamulatan ng bawat pangkat at magamit ito sa diskurso ng edukasyon. Inilahad din sa papel na ito ang pagtatasa sa mga makrong kasanayan na pangunahing tunguhin ng programa ng K-12 sa pagtatamo ng kaalaman tungo sa pagiging istandardisado at intelektwalisadong wika.

5.1 Rekomendasyon

Inirerekomenda ang mga sumusunod:

- Sipating muli ang mga asignaturang Filipino na kasalukuyang ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa aspeto ng kahalagahang akademiko at kultural sa mga mag-aaral;
- Magkaroon ng pilot testing sa mga panukalang asignatura at tayain ang persesepyon ng mga mag-aaral, guro, administrador, magulang, at iba pang stakeholders ukol dito;
- Ilapit ang tunay na danas ng lipunan sa mga akdemikong gawain upang maihanda ang mga mag-aaral sa kahaharapin sa labas ng paaralan; at
- Panatilihin nakasandig sa kultura ang edukasyon upang manatiling buhay at metatag ang bawat wika at kultura sa bansa.

6. Mga sanggunian

Batnag, A. (n. d.). *Translation in the Philippines*. Retrieved from NCCA:

<http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2nccagovph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/translation-in-the-philippines/?fbclid=IwAR0QBH3Iy4ahjpbzaq9r7nNAY4NTIUqzRxRqEkxgdUPwrzoppHcJQ8Yo9W4>

Bio, D. B. (2011, January). *BICS/CALP: Basic interpersonal communicative skills vs. cognitive academic language proficiency*. Retrieved from Best of Bilash: Improving Second Language Education:

https://sites.educ.ualberta.ca/staff/olenka.bilash/Best%20of%20Bilash/bics%20calp.html?fbclid=IwAR2j0X-vfQ-6t52GAWkHkcwYOUxURDadOvpOUWHsrDc_u-joRBzGkpvOOMQ

Catacata, P. (n. d.). *The use of Filipino in official transactions, communication and correspondence*. Retrieved from NCCA:

<http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2nccagovph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/the-use-of-filipino-in-official-transactions-communication-and-correspondence/?fbclid=IwAR0c3Ou2XZvZdbKx0tGy2lIVUhoR8EPXphHtmiQyNseY>

Deped. (n. d.). Retrieved from

http://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/SHS-Core_Komunikasyon-at-Pananaliksik-sa-Wika-at-Kulturang-Pilipino-CG.pdf?fbclid=IwAR251PGoYRxbS2W4oVgms0dNFpsCVC1gVbx6XviZitbBll6zYn4R_1YOwm0

Espiritu, C. (n. d.). *Filipino language in the curriculum*. Retrieved from NCCA.

http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2nccagovph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/filipino-language-in-the-curriculum/?fbclid=IwAR251PGoYRxbS2W4oVgms0dNFpsCVC1gVbx6XviZitbBll6zYn4R_1YOwm0

Miclar, M. (n. d.). *Ang kalagayan ng Filipino sa panahon ngayon*. Retrieved from NCCA.

<http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2nccagovph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/ang-kalagayan-ng-filipino-sa-panahon-ngayon/?fbclid=IwAR0oZpQaNRcJmK4kRciyRDr3CNZmjemp1lij2kecRWjuJ8Q8fGmeuURyMjY>

Ocampo, J. (2016). *Pagtuturo ng Filipino mula senior high, binigyang-diin ng tomasinong guro*. Retrieved from The Varsitarian.

https://varsitarian.net/news/20160929/pagtuturo-ng-filipino-mula-senior-high-binigyang-diin-ng-tomasinong-guro?fbclid=IwAR3m-DcJbYKS6_nZLQzrjxjfBDiVIJmoco-M19ptL1ammlVC5wNqT9txl4

Quijano, C. (2012). *The role of language and education in globalization*. Philippines.

